Opportunities Ontario: Programa para sa Probinsiyal na Nominado (Provincial Nominee Program)

Buod:

Ang mga imigrante ay nagdadala ng mahalagang mga kakayahan at kaalaman sa labour market sa Ontario, tumutulong sa ekonomiya ng probinsiya at ginagawa ang Ontario bilang isang piniling destinasyon sa buong mundo. Ang programang ito ay makakatulong sa mga employer sa Ontario upang makapagrecruit at makapanatili ng mga internationally trained na mga tao. Ito ay tulong sa mga employer na nahihirapang makahanap ng mga kinakailangan nilang manggagawang may kakayahan.

Ang pamahalaang pederal at probinsyal ay may ginagampanang tungkulin sa imigrasyon. Ang Pamahalaan ng Ontario, sa pamamagitan ng Programang Opportunities Ontario, ay mamimili at magmumungkahi ng mga indibidwal sa pamahalaang pederal para sa permanent resident status. Lahat ng mga permanent resident visa para sa Canada ay pinoproseso at inaaprubahan sa Pamahalaan ng Canada ng Citizenship and Immigration Canada (CIC).

Ang dokumentong ito ay magagamit sa 25 na iba't-ibang wika, kasama na ang Ingles at Pranses. Bagama't pinagsusumikapan naming siguraduhin ang kawastuan ng impormasyon, ang ilang mga detalye tungkol sa Opportunities Ontario ay maaaring magbago mula noong pagkalathala. Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Opportunities Ontario, bisitahin ang website ng Ministry of Citizenship and Immigration (MCI) sa: www.OntarioImmigration.ca para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat at sa proseso ng aplikasyon.

Ang mga dokumento at serbisyo ng Opportunities Ontario, pati na rin ang mga impormasyon sa MCI website, ay magagamit lamang sa wikang Ingles at Pranses.

Mga Mahahalagang Katunayan:

- Ang mga naaprubahang aplikanteng nominado ay bibigyan ng isang Provincial Nomination Certificate. Ang Opportunities Ontario ay maaaring magnominate ng 1000 tao at ng kanilang miyembro ng pamilya taun-taon.
- Ang Opportunities Ontario ay pinapaandar ng employer. Ang ibig sabihin nito ay maaari ka lamang mag-apply matapos na matantya at maaprubahan ang aplikasyon ng iyong employer. Kapag naaprubahan na, ang Opportunities Ontario ay magbibigay sa iyong employer ng isang nominee application package para ipadala sa iyo.
- Ang mga aplikasyon ay pinoproseso base sa kung sino ang naunang nag-apply at tinatantya alinsunod sa kriterya ng programa. Dahil sa ang mga posisyon ay limitado, ang mga taga-empleyo ay hinihikayat na mag-aplay nang maaga para maseguro ang mga kinakailangang posisyon.

- Ang Opportunities Ontario ay may dalawang kategorya kagaya ng nakalarawan sa ibaba:

1. OPPORTUNITIES ONTARIO – Pangkalahatang Kategorya

- Ang **Pangkalahatang Kategorya** ay bukas sa mga karapt-dapat na employer sa Ontario na nagbibigay ng mga permanenteng, full-time job offer sa mga foreign worker, Ang mga employer ng Ontario ay kinakailangang mag-apply sa Opportunities Ontario para sa pre-screening at pag-aapruba ng mga nominadong posisyon.

- Pinapayagan ng Opportunities Ontario ang mga employer sa Ontario na makahanap ng kinakailangan nilang mga skilled worker. Ang mga isasaalang-alang lamang ay ang mga manidyeryal, propesyunal,at mga skilled trade na trabaho.

- Ang mga employer ay maaaring magrecruit ng mga foreign worker o mga international student para sa mga aprubadong posisyon, kahit pa man nasa ibang bansa o legal na nasa Canada (bilang pansamantalang mga foreign worker, estudyante o bisita). Ang lahat ng mga umaasang nominado na bumibisita o naninirahan sa Canada ay hihingiang magpakita ng ebidensya ng kanilang immigration status kasama ng kanilang mga application form.

- Ang mga foreign worker ay kinakailangang may humigit kumulang dalawang taon na karanasan sa pagtatrabaho o may angkop na rehistrasyon sa Ontario, kung nag-aapply sa isang regulated profession o trade.

- Ang Pangkalahatang Kategorya ay nagpapahintulot din sa mga namumuhunan na magdala ng mga natatanging empleyado. Para magkwalipika, ang pamumuhunan ay kinakailangang may makahulugang importansya sa Ontario, makakapagbigay ng trabaho para sa mga taga-Ontario, at pinagtibay ng ministro ng pamahalaang Ontario. Kung ikaw ay mamumuhunan, at nangangailangan ng detalyadong impormasyon, mangyaring bisitahin ang www.OntarioImmigration.ca.

2. OPPORTUNITIES ONTARIO – International Student na Kategorya

- Ang International Student na Kategorya ay nagtatarget ng mga bagong graduate mula sa publikong pinopondohan na mga kolehiyo at unibersidad sa Canada.

- Mga international students na nakakumpleto ng kalahati man lamang ng kwalipikadong degree o diploma sa Canada.
- Ang mga international student ay maaaring mag-aplay sa kanilang huling semestre ng kwalipikadong degree o diploma program o hanggang sa dalawang taon pagkatapos ng graduation.
- Walang kinakailangang karanasan sa pagtatrabaho para sa mga international student.
- Katulad ng Pangkalahatang Kategorya, ang mga international student ay kinakailangang magkaroon ng permanenteng full-time job offer na pang manidyeryal, prupesyunal at skilled trade.

Mga Kriterya ng Pagiging Karapat-dapat Para sa mga Employer:

Para maging karapat-dapat para sa mga nominadong posisyon, ang kumpanya ay kinakailangang may:

1. humigit kumulang 3 taong ng tuluy-tuloy at aktibong mga operasyon bilang isang rehistradong negosyo;
2. mga lugar ng negosyo sa Ontario kung saan ang inaasahang mga nominado ay magtatrabaho;
3. minimong $1,000,000 sa buong halaga ng kita noong nakaraang piskal na taon para sa mga kumpanyang nakalugar sa Greater Toronto Area (GTA); o may minimong $500,000 na buong halaga ng kita noong nakaraang piskal na taon para sa mga kumpanyang matatagpuan sa labas ng GTA; at
4. may minimong 5 permanenteng full-time na mga empleyado, para sa mga kumpanyang matatagpuan sa GTA; o may minimong 3 permanenteng full-time na mga empleyado para sa mga kumpanyang matatagpuan sa labas ng GTA.

Ang full-time na trabaho ay binubuo ng 1,560 na oras ng trabahong may bayad sa loob ng 12 buwan. Ang mga sumusunod ay hindi tinuturing na full-time na trabaho, kahit na nagtrabaho ka ng 1,560 oras sa loob ng 12 buwan:

- Pana-panahon, paikot o part-time na mga empleyado, anuman ang mga oras ng trabaho
- Mga subcontractor o mga manggagawa sa ahensya
- Mga empleyadong hindi nagtatrabaho sa looban ng kumpanya, katulad ng mga empleyadong nagtatrabaho sa kanilang tahanan, o mga empleyadong nagtatrabaho sa “virtual” na lokasyon at naglilingkod sa taga-empleyo sa pamamagitan ng telecommuting.

Ang Proseso Ng Aplikasyon:

Ang proseso ng aplikasyon ay may dalawang hakbang: ang Pre-screen na Aplikasyon (para lamang sa mga employer) at ang Aplikasyon ng Nominado (para sa mga indibidwal lamang).

Hakbang 1 – Pre-screen na Aplikasyon:

- Ang mga employer ay nagsisimula ng proseso ng aplikasyon sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang *Pre-screen na Aplikasyon* sa Opportunities Ontario.
- Ang mga aplikanteng employer ay kinakailangang magsumite ng kanilang kumpletong aplikasyon sa lalong madaling panahon.
- Ang Opportunities Ontario ay tatanggap lamang ng *pre-screen* na mga aplikasyon sa pamamagitan ng koreo, courier o personal na pagpapadala.
- Ipaaalam ng Opportunities Ontario sa pamamagitan ng sulat ang kanilang desisyon. Ang nilalayong pagpapaalam ng notipikasyon ay 90 araw magmula nang matanggap ang kumpletong aplikasyon.
- Ang mga namumuhunan ay hindi kinakailangang magsumite ng isang *Pre-screen Application* sa Opportunities Ontario. Para mgakwalipika, ang mga namumuhunan ay kinakailangan munang makakuha ng pagpapatibay mula sa ministro ng pamahalaang Ontario. Para sa mas detalyadong impormasyon, mangyaring bumisita sa www.OntarioImmigration.ca.

Hakbang 2- Aplikasyon ng Nominado:

- Kung balak mong mag-apply sa Opportunties Ontario, dapat mong tignan ang www.OntarioImmigration.ca na website para sa espesipikong mga detalye at impormasyon sa pagkukumpleto ng aplikasyon. Ang pangkalahatang mga impormasyon lamang ang ibinibigay dito.

- Ikaw ay makakapag-apply lamang bilang isang nominado pagkatapos na makumpleto ng iyong employer ang Hakbang 1 at naaprubahan na para sa posisyon ng nominado, at nabigyan ka na ng Nominee Application package na mula sa Opportunities Ontario.

- Lahat ng mga inaasahang nominado, kahit ano pa man ang kategorya, ay kinakailangang magsumite ng kumpletong pakete ng aplikasyon sa Opportunities Ontario para sa pagtatantya.

- Ipapaalam ng Opportunities Ontario sa lahat ng mga nominadong aplikante, sa pamamagitan ng sulat, ang kanilang desisyon. Ang nilalayong pagpapaalam ng notipikasyon ay 90 araw magmula nang matanggap ang kumpletong aplikasyon.

- Ang mga nagtagumpay na nominado ay kinakailangang mag-apply sa Citizenship and Immigration Canada (CIC) ng permanent resident status sa loob ng 6 na buwan magmula nang maging nominado.

- Ang probinsyal na paghihirang ay hindi nangangahulugan ng legal na immigration status sa Canada. Hanggang hindi nakukuha ng mga nominado ang permanent resident status, kakailanganin pa rin nila ang naaangkop na awtorisasyon para manatili sa Canada.

- Ang mga indibidwal na iminungkahi ng Ontario ay kinakailangang makatugon sa mga hinihingi ng CIC, kasama na ang medikal at pag-sisiyasat sa pagkatao ng pangunahing aplikante at ng lahat ng mga kasamang miyembro ng pamilya.

- Ang probinsyal na mga nominado ay makakatanggap ng karapatang mauna sa pagpoproseso mula sa CIC.

- Ang isang matagumpay na provincial nomination ay hahalili sa bahagi ng pamimili sa ilalim ng ibang klase ng imigrasyon na katulad ng federal Skilled Worker Class, at ng Family Class.

- Ang Opportunities Ontario ay susuporta sa mga aplikasyon para sa work permit kung hihilingin. Ang CIC ang may katungkulan sa pag-iisyu ng mga work permit at ang mga aplikante ay hinihimok na mag-usisa ng mga kinakailangan para sa work permit na akma para sa kanilang sitwasyon. Kung mapagkalooban, ang work permit ay magpapahintulot sa nominado na magbiyahe sa Ontario upang makapagsimulang magtrabaho para sa kanyang employer, habang tinatapos ng CIC ang pagpoproseso ng aplikasyon para sa permanent residence.

Paano Makipag-ugnay sa Amin:

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Opportunities Ontario, kasama na ang mas detalyadong impormasyon para sa kontak, mga kriterya sa pagiging karapat-dapat, impormasyon para sa aplikasyon, at mga karaniwang katanungan tungkol sa programa, mangyari lamang na bisitahin ang aming website sa: www.OntarioImmigration.ca